



Photography by Felix Uribe
Courtesy of Tenderloin Community Benefit District (TLCBD)



Ang plano para sa may dibersidad at inklusibong kapitbahayan ng Tenderloin sa San Francisco.

Ang Planong Aksyon ng Komunidad ng Tenderloin ay isang kolaborasyong hatid ng kapitbahayan sa pagitan ng mga residente, organisasyong pangkomunidad, negosyo, at ahensya ng Lungsod. Tutukuyin ng Plano ang mga kasalukuyang pangangailangan para sa kultura at populasyong may dibersidad ng kapitbahayan at bubuo ng kolektibong pananaw para sa kinabukasan ng Tenderloin. Bubuo rin ito ng planong aksyon para sa mga sumusunod na priyoridad na tinukoy ng komunidad:



Access sa Pabahay



Bukas na Espasyo



Kalusugan at Kagalingan



Transit at Mobilidad



Oportunidad sa Kabuhayan at Maliit na Negosyo



Sining at Kultura



Katarungan sa Kapaligiran

Ang Tenderloin ay isang katangi-tanging kapitbahayan na may iba't ibang pananaw na may pinakamataas na densidad ng mga bata sa Lungsod, at malaking konsentrasyon ng mga komunidad ng iba ang kulay ng balat, matatanda, mga taong namumuhay ng may mga kapansanan, alagad ng sining, organisasyong nakabase sa komunidad at mangangalakal. Ang kapitbahayan ay matagal nang kanlungan para sa mga imigrante at mga komunidad ng LGBTQ+.

Ang Tenderloin ay may matagal nang kasaysayan ng aktibismo at katatagan. Ang Uptown Historic District, ang unang Transgender District sa bansa, ang North of Market Special Use District, at ang Hotel Conversion Ordinance ay ilang halimbawa ng mga pagsusumikap na nakabase sa komunidad na nagpepreserba at pumuprotekta sa abot-kayang pabahay at mga nangungupahan at ipinagdiriwang ang dibersidad ng komunidad. Sa kasalukuyan, ilang organisasyong pangkomunidad at residente ay ipinagpapatuloy ang tradisyong ito. Sa pagtatampok sa isa sa mga natamasa nito, ang Tenderloin People's Congress ay nakibahagi sa mahigit 1,200 miyembro ng komunidad sa pakikipag-usap na tinatanaw ang kinabukasan ng kapitbahayan sa 2017 na nagresulta sa Vision 2020 Plan at pumukaw ng adbokasiya para sa paglikha ng Planong Aksyon ng Komunidad ng Tenderloin.



Photography courtesy of Saint Francis Foundation

Ang pagpapalano sa komunidad ay may pinakamahuhusay na kalalabasan kapag ang mga taong may iba't ibang pananaw at karanasan ay nag-aambag sa pag-uusap.

Makibahagi!



Sumali sa virtual na bulwagang bayan na pagpupulong ng komunidad at sa maliliit na focus group



Kumpletuhin ang aming online na survey



Bumisita sa personal na booth sa Heart of City Farmers Market sa Civic Center o Main Public Library



Dumalo sa mga oras ng tanggapan



Dumalo sa isang Tenderloin Roundtable Meeting o sumali sa isang Komite

Magpa-iskedyul

1 Mag-organisa
Nakumpletong Taglagas 2020

- Tukuyin ang mga Stakeholder
- Bumuo ng iskedyul at mga pangunahing petsa

2 Magbahagi, Matututo at Magkaroon ng Pananaw
Taglamig - Tag-init 2021

- Mangolekta ng impormasyon sa kasaysayan/ manaliksik
- Tukuyin ang mga Pangunahing Isyu at Priyoridad
- Bumuo ng mga Gumagabay na Prinsipyo

3 Tuklasin ang mga Istratehiya
Taglagas 2021 - Taglamig 2022

- Bumuo at suriin ang mga istratehiya at kasangkapan sa komunidad at mga katuwang na ahensya sa Lungsod

4 Isapinal
Tagsibol - Tag-init 2022

- Unahin ang mga istratehiya at aksyon
- Pag-aralan ang draft na planong aksyon

5 Ipatupad
Simula sa Tag-init 2022

- Makipagtulungan sa komunidad at mga katuwang upang ipatupad ang mga istratehiya at planong aksyon

Kung mayroon kang katanungan, makipag-ugnay kay:

Andi Nelson

San Francisco Planning Department
andrea.nelson@sfgov.org



Para sa higit pang impormasyon at sign up para sa mga makabagong kaalaman, bumisita sa :

<https://sfplanning.org/project/tenderloin-community-action-plan>



San Francisco Planning



#TenderloinPlan